Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF ROXAS**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA 19 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 30 NOBYEMBRE 2010 GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Konsehal Mae Arlene M. Talens - Acting Municipal Vice Mayor Tagapangulo

Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Elsie F. Galaran
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Lee M. Baculinao
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento - Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Absent:

Konsehal Arnel F. Fabon - On Leave
Konsehal Rufino D. Lumbres - Pangulo, Liga ng Barangay

***KAPASYAHAN BLG. 072***
*Taong 2010*

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KAY KGG. BOKAL RAMIL O. DIMAPILIS SA PAGPANAW NG KANYANG MINAMAHAL NA AMA, **G. GREGORIO S. DIMAPILIS.**

SAPAGKAT, ang pagpanaw ng isang minamahal sa buhay lalo pa't ng isang ama na siyang haligi at tagapagtaguyod ng kanyang pamilya ay lubos na dinaramdam ng kanyang mga naiwan;

SAPAGKAT, ang pagpanaw sa mundo ng ama ni Bokal Ramil O. Dimapilis ay isang malaking kawalan sa kanilang pamilya na lubhang nabibigkis ng pagkakaisa at tradisyong Pilipino;

SAPAGKAT, ang pamimighati ni Bokal Ramil O. Dimapilis sa pagpanaw ng kanyang ama ay nararamdaman ng kanyang mga kaibigan dito sa pamahalaang lokal ng bayang ito;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayang ito sampu ng mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay at

nakikidalamhati sa pagyao ng ama ng isang kaibigan at kasama sa gawain.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Cesar T. Baticos na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot kay Bokal Ramil O. Dimapilis at sa kanyang pamilya ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa pagpanaw ng kanyang minamahal na ama, **G. Gregorio Dimapilis.**

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito si Bokal Ramil O. Dimapilis at mga kaanak lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat: 30 Nobyembre 2010

---

PINATUTUNAYANG WASTO:

**FERDINAD V. TALENS, MPA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

**MAE ARLENE M. TALENS**
Tumatayong Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

*merz/113010*